COVID-19 PALUWAGAN
SA RENTA SA CA

Paano mag-apply para sa paluwagan sa upa at utilities

Kung ikaw ay nasalanta ng COVID-19 pandemic, gamitin ang programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA para makakuha ng pera para sa upa at utilities mula pa noong Abril 1, 2020.

1 Punan ang aplikasyon para sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA.

Kahit sino sa nagpapaupa o umuupa ay maaaring mag-apply, ngunit hinihimok naming kapwa magtulungan ang dalawa. Sagutin ang lahat ng mga tanong at i-upload ang lahat ng mga kailangang dokumento.

2 Ang nagpapaupa sa iyo ay sasabihan.

Sa oras na ibigay mo ang iyong apilkasyon, sasabihan ng estado ang nagpapaupa sa iyo na ikaw ay nag-apply. Kung naunang mag-apply ang nagpapaupa sa iyo, sasabihan ka nila agad. Kung pumayag na lumahok ang nagpapaupa sa iyo sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA, maaaring mas mabilis na mailalabas ang pera.

3 Tutulungan ka ng isang tagapamahala ng kaso.

Isang tagapamahala ng kaso ang maitatalaga sa iyo. Siya ay makikipag-ugnayan sa iyo upang matiyak na kumpleto ang iyong aplikasyon. Tiyaking ikaw ay sasagot sa kanya kung sila ay tatawag o magpapadala sa iyo ng email. Kung hindi, maaaring hindi ka mabayaran kaagad.

Mababayaran ang upa at mga utility bills.

Kung ikaw ay mapagtitibay, mababayaran ng estado ang iyong upa at mga utility bills.

Maaaring ipadala ang upa nang tuwiran sa nagpapaupa sa iyo (kung lalahok ang nagpapaupa sa iyo) o sa iyo (kung hindi lalahok ang nagpapaupa sa iyo). Ang mga bayad sa utility ay ipadadala nang tuwiran sa utility provider.

Ang programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA ay programang pampamahalaang tinaguyod ng Estado ng California.

PAGIGING KARAPAT-DAPAT:

Maaaring mag-apply ang mga karapat-dapat ayon sa kita na taga Californiang nasalanta ng COVID-19 at may hindi nababayarang upa at mga utilities. Hindi mahalaga ang iyong katayuan sa imigrasyon. Hindi kailangang patunayan ng aplikante ang kanyang pagkamamamayan.

PAGIGING PANSARILI:

Hindi makikita ang iyong aplikasyon ng nagpapaupa sa iyo. Sasabihan lang silang ikaw ay nag-apply sa paluwagan sa renta. Ang mga kaalaman tungkol sa iyo ay pansarili at hindi ibabahagi .

MAHALAGA:

Abangan ang mga email o tawag sa telepono mula tagapamahala ng kaso tungkol sa iyong aplikasyon sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA. Tiyaking tumugon pang hindi maantala ang iyong aplikasyon.

MAG-APPLY NA NGAYON:

Karamihan sa nag-aapply ay nakukuha ang pera para upa at utility na kanilang hinihiling, ngunit ityaking mag-apply agad habang may natitira pang pondo.